GRADE V

# PROYEKTO: EDUKASYON SA PANAHON NG MGA AMERIKANO

## ALAMIN MO




Tingnan mo ang larawan. *May alam ka ba tungkol sa kanila?*

Sila ang tinatawag na mga Thomasite. Naging bahagi sila ng edukasyon na ipinakilala ng mga Amerikano sa ating bansa.

Sa modyul na ito, susuriin natin ang sistema ng edukasyon sa panahon ng mga Amerikano.

## PAGBALIK-ARALAN MO

Natatandaan mo ba ang aralin natin tungkol sa edukasyon sa nakaraang modyul?

Subukin mong gawin ang pagsasanay na ito.

Iayos mo ang mga titik upang makabuo ng salita. Isulat mo ito sa papel.

1. K A P A O R Y L - ________________ (Unang paaralang naitatag sa panahon ng Espanyol)
2. Y E R O M I S N O - ________________ (Unang guro sa panahon ng Espanyol)
3. R O N E S K A D AY - ________________ (Ikalawang antas ng pag-aaral)
4. L A R M O N - ________________ (Paaralan para sa nais maging guro)
5. K A T I M E A T A M - ________________ (Asignatura sa pagbilang at pagkuwenta)

## PAG-ARALAN MO

Basahin mo ang talakayan sa klase ni Gng. Eleanor Forbes at ng kanyang mag-aaral.

Gng. Forbes: Magandang umaga sa inyo. Alam kong handa na kayo sa ating talakayan tungkol sa edukasyon sa panahon ng Amerikano. Simulan natin. Ano ang tatlong pangunahing layunin ng kanilang edukasyon?

Rita:

1. Ituro sa mga Pilipino ang pagiging mabuting mamamayan sa isang demokratikong bansa.
2. Ipalaganap ang wikang Ingles.
3. Ipaabot ang impluwensiya ng kulturang Amerikano.

Gng. Forbes: Magaling! Sinu-sino ang naging guro sa panahong ito?

Mark: Unang guro po ang mga sundalong Amerikano at dating gurong Pilipino Noong Agosto 23, 1901, dumating ang mga gurong Amerikano sakay ng ilang bapor at ang pinakapopular dito ay ang S.S.Thomas. Sila ang pinakamalaking delegasyon ng mga gurong Amerikano na pumalit sa mga gurong sundalo. Tinawag silang Thomasite.

Gng. Forbes: Palakpakan natin si Mark. Anu-ano namang paaralan ang itinatag nila sa bansa?

Ma. Xena: Itinatag po nila ang sumusunod: mga paaralang pambayan, edukasyong bokasyunal, edukasyon para sa may sapat na gulang, edukasyon para sa mga di-kristiyano at pribadong edukasyon.

Gng. Forbes: Ano ang iba't ibang antas ng kanilang edukasyon?

Ruel: Ang mga paaralang pambayan ay binubuo ng elementarya, sekondarya, unibersidad at kolehiyo. Apat na taon ang panimulang baitang, tatlo ang intermedya at apat ang sekondarya.

Gng. Forbes: Nasisiyahan ako sa inyo dahil nakasasagot kayo nang mabuti sa mga tinanong ko. Narito pa ang karagdagang kaalaman.

Basahin mo:

Maraming paaralan ang binuksan sa bansa. Ang mga paaralan para sa antas na pangkolehiyo ay ang Paaralang Normal ng Pilipinas, Paaralan ng Pilipinas sa Sining at Kalakal, at Paaralang Nautical ng Pilipinas. Naitatag din ang Pamantasan ng Pilipinas.

Sinundan ito ng pagtatayo ng mga gusaling bokasyunal, pagsasanay sa mga gurong bokasyunal at pagtatatag ng edukasyong bokasyunal sa Kawanihan ng Edukasyon noong 1920.

Noong 1929, si Dr. Frank Lauback, isang misyonerong Protestanteng Amerikano ang nagpakilala ng isang paraan ng pagtuturo sa mga may sapat na gulang. Isinagawa ito sa mga Maranao sa Lanao at sa iba't ibang pook ng bansa.

Ginamit sa mga paaralan ang mga aklat na isinulat at nilimbag sa Amerika. Binigyang diin ang pagtuturo ng demokratikong paraan ng pamumuhay. Marami ang nakapag-aral dahil libre ang pagpasok sa mga paaralang pambayan. Kung ang simbahan ang sagisag ng Espanya, ang paaralan naman ang sagisag ng sibilisasyong Amerikano.

Mga mag-aaral: Maraming salamat po Gng. Forbes sa inyong pagtuturo sa amin.

Gng. Forbes: Walang anuman at sana ipagpatuloy ninyo ang kasipagan sa pag-aaral.


May pagkakaiba ba o pagkakatulad ang sistema sa edukasyon sa panahon ng Amerikano sa panahon ng Espanyol?

Anu-ano ang nagbago sa sumusunod?

1. mga layunin
2. mga guro
3. mga naitatag na paaralan
4. wikang panturo

5. mga aklat

Suriin mo ang balangkas na ito.




Ano ang napuna mo? Ganito rin ba ang antas ng edukasyon sa kasalukuyan?

## PAGSANAYAN MO

May pagkakaiba ba at pagkakatulad ang sistema ng edukasyon sa panahon ng Espanyol at panahon ng Amerikano?

Subukin mong gawin ang tsart na ito sa iyong kwadernong sagutan.

| Edukasyon sa Panahon ng | | |
|---|---|---|
| | Espanyol | Amerikano |
| Layunin | | |
| Paaralan | | |
| Mga Guro | | |
| Mga Itinuro | | |
| Wikang Panturo | | |

Saan nagkakaiba ang sistema ng edukasyon sa panahon ng Espanyol at panahon ng Amerikano?

Saan naman sila nagkakatulad?

Higit bang napaunlad ang edukasyon sa panahon ng Amerikano? Bakit?




## TANDAAN MO

- *May mga pagbabagong naganap sa edukasyon sa panahon ng Amerikano tulad ng:*
    - *Pagkakaroon ng intermedya (baitang V at VI)*
    - *Pagbubukas ng mga paaralang pambayan*
    - *Paggamit ng Ingles bilang wikang panturo*
    - *Pagtuturo ng demokratikong paraan ng pamumuhay*

## ISAPUSO MO

Mula pa noong panahon ng Amerikano hanggang sa ngayon ay libre ang pagpasok sa mga paaralang pambayan ng mga mag-aaral. Isa ka na rito. Itinataguyod din ng mga magulang ang pag-aaral ng mga anak. Ikaw, bilang mag-aaral ay may bahaging dapat gampanan. Gumuhit ka sa iyong kwaderno ng puso at dito mo isulat ang mga dapat mong gampanan bilang mag-aaral.





## GAWIN MO

Isa sa palaging pinaawit sa mga mag-aaral ang "Pilipinas Kong Mahal". Alam mong awitin ito, di ba? Noong panahon ng Amerikano, inaawit ito sa wikang Ingles, na ang pamagat ay Philippines, My Philippines.

Narito ang liriko ng awiting ito. Subukin mong awitin sa wikang Ingles.

**Philippines, My Philipines**

*I love my own, my native land*
*Philippines, my Philippines*
*To thee I give my heart and hand*
*Philippines, my Philippines*
*The trees that crown thy mountains grand,*
*The seas that beat upon thy strand.*
*Awake my heart to thy command*
*Philippines, my Philippines*

Naawit mo ba nang maayos at may damdamin ang awitin?



## PAGTATAYA

A. Panuto: Itambal ang hanay A sa hanay B. Isulat ang titik ng wastong sagot sa iyong kwadernong sagutan.

Hanay A

1. mga gurong Amerikano
2. wikang panturo
3. Sagisag ng sibilisasyong Amerikano
4. binigyang–diin sa pagtuturo
5. paaralang itinatag

Hanay B

A. ingles

B. paaralan

C. relihiyon

D. pambayan

E. Thomasites

F. demokrasya

B. Panuto: Isulat ang titik ng wastong sagot sa iyong kwadernong sagutan.

1. Alin ang pangunahing layunin ng edukasyon sa panahon ng Amerikano?
   A. ituro ang wikang Espanyol
   B. pagiging mabuting Kristiyano
   C. ipalaganap ang Kristiyanismo
   D. pagiging mabuting mamamayan

2. Bakit tinawag na Thomasites ang mga gurong Amerikano?
   A. sila ang mga sundalo
   B. nagturo sila sa Unibersidad ng Sto. Tomas
   C. marami sa kanila na ang pangalan ay Thomas
   D. sakay sila ng barkong S.S Thomas nang sila'y dumating sa Pilipinas


3. Alin sa sumusunod ang sagisag ng sibilisasyong Amerikano?
   A. krus
   B. espada
   C. paaralan
   D. simbahan

4. Alin sa sumusunod ang ikinaiba ng edukasyon sa panahon ng Amerikano sa edukasyon sa panahon ng Espanyol?
   A. ipinaturo ang Doctrina Cristiana
   B. mga paring misyonero ang unang guro
   C. may naitatag na mga paaralang parokyal
   D. ipinaturo ang demokratikong paraan ng pamumuhay

5. Ang sumusunod ay ipinatupad sa panahon ng Amerikano maliban sa isa.
   A. ipinaturo ang relihiyon at wikang Latin
   B. Libre ang pagpasok sa mga paaralang pambayan
   C. ipinagamit ang mga aklat na isinulat sa Amerika
   D. ipinagamit ang wikang ingles bilang wikang panturo

## PAGPAPAYAMANG GAWAIN

Ang demokratikong paraan ng pamumuhay ang minana natin mula sa mga Amerikano. Sa ilalim ng demokrasya natatamo natin ang iba't ibang karapatan. Isulat mo sa "balloon web" ang mga karapatang tinatamasa ng isang batang tulad mo.






Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.